Dulang may isang yugto – 3rd prize - 2010

# HIGIT PA DITO

**Isang Dula**

**SYNOPSIS**

Madaling araw, kinaumagahan pagkatapos maglipat ni Bing sa kanyang bagong apartment. Isang single mother, iiwan ni Bing ang kanyang dalawang anak para mamuhay mag-isa. Suportado ng panganay na si Kael ang nais gawin ng kanyang ina, at sa umagang ito, bagamat patuloy na binabagabag si Bing ng sari-saring pagaagam-agam, ay magiging malinaw ang mga catalyst na nagbigay daan sa kanyang desisyon, at sa mga pagbabagong maaari niyang tanawin sa kanyang buhay.

Ang "Higit Pa Dito" ay isang dula tungkol sa pangangailangan nating mapag-isa, at sa paghilom ng mga sugat na nagbibigay hugis sa ating pagkatao at mga relasyon.

# HIGIT PA DITO

Isang Dula

**MGA TAUHAN**

**BING**
*babae, 41 taon*

**KAEL**
*lalaki, 23 taon*

**-oOo-**

*Studio apartment.*

*Ilang nagkalat na kahon – kalilipat lamang ng nakatira rito*

*Isang piyano – natatakpan pa ng alikabuking sapin.*

*Madaling araw, ilang oras bago magliwanag.*

*Nagliligpit ng pinagkainan si* **BING**.

*Katatapos lamang nilang mag agahan ni* **KAEL**.

KAEL : Kuwentuhan mo naman ako.

BING : Ikaw talaga.

KAEL : Basta.

BING : Adik ka rin, alam mo ‘yun?

KAEL : Adik sa mga kuwento mo.

BING : Wait lang. (*Saglit*) Wala talaga akong maisip. Umuwi ka na lang kasi muna.

KAEL : ‘Pag maliwanag na.

BING : Hindi ka ba napuyat?

KAEL : Puyat. Pero mamayang gabi pa naman ang pasok ko.

BING : Baka pumayat ka niyan.

KAEL : Ano pa ba’ng ipapayat ko?

BING : Ubo ka na ng ubo kagabi. Nagkakasakit ka na yata.

KAEL : Sakit pa sinisi mo. ‘Yung piyano mo kaya.

BING : Ano na naman ang reklamo mo?

KAEL : ‘Di mo man lang pinunasan.

BING : Konting dumi lang naman.

KAEL : Hinika kaya ako dun. Pati 'yung dalawang tumulong sa atin parang naligo sa putik.

BING : Tantanan mo na nga ang kawawang piyano.

KAEL : Siya. Tantanan kung tantanan. Ilabas na natin ang mga gamit mo?

BING : Ako na ang bahala.

(*Saglit*)

Basta. 'Pag pumayat ka o magkasakit. Magresign ka. Maghahanap ulit ako ng trabaho na malaki-laki ang kita.

KAEL : Sus.

BING : Hindi nga ako nagbibiro.

KAEL : Sige na. Hindi na ako sakitin, ano.

BING : Puwede naman akong bumalik sa nine to five.

KAEL : Hindi naman ‘yun ang gusto mo. Ako na lang ang doon.

BING : Ok lang sa’yo talaga, ano?

KAEL : Oo. Boring naman ako.

BING : Si Penny pala?

KAEL : Ano si Penny?

BING : Nag-iwan ka ba ng pagkain?

KAEL : Hindi naman nagaalmusal ‘yun sa bahay.

BING : Hindi na?

KAEL : Hindi na.

BING : Since when?

KAEL : Mula noong nag high school.

BING : Ah. Biruin mo magkakasama tayo araw-araw, ni hindi ko napansin.

KAEL : Magulo nga kasi palagi ang isip mo. Besides, hindi ka naman morning person.

BING : E sino'ng kumakain ng breakfast na niluluto ko?

KAEL : Ako. Binabaon ko.

BING : Ah.

*Saglit.*

KAEL : Kung ayaw mong mag ayos ng gamit, mag kuwento ka na lang.

BING : Ok lang sa'yo kung maninigarilyo ako dito?

KAEL : Apartment mo naman ito.

BING : Para 'tong sira.

KAEL : E apartment mo naman talaga ito. Sa'yo lang. Bahala ka kung ano'ng gusto mong gawin.

BING : Pag magsalita naman ito. Parang di mo ko dadalawin paminsan minsan, ha.

KAEL : Diyan lang kaya ako nagtatrabaho sa kabilang kanto.

BING : Paano kung magkaroon ako ng boyfriend?

KAEL : High time. Dalhin mo dito.

BING: Hindi ka magagalit?

KAEL : Ang tanda ko na kaya para sa dramang ganyan.

BING : Si Penny?

KAEL : Matutuwa pa 'yun. Kapag may lalaki ka, ang saya saya mo.

BING : Ganoon talaga. Hormones.

KAEL : Ulol.

*Maglalabas ng sigarilyo at lighter si Bing.*

*Hahanapin ang kanyang ash tray.*

*Walang makikita. Uupo.*

*Saglit. Ibabalik sa kaha ang sigarilyo.*

BING : Huwag na lang.

KAEL : Bakit na naman?

BING : Diyosko ‘di pa pala tayo nakakapag-unpack.

KAEL : Pansin ko nga. Ang naunpack mo pa lang ‘yang casette player mo.

BING : Para may music agad.

KAEL : Gumagana pa ba ‘yan?

BING : Gagana pa naman siguro. Bakit naman hindi?

KAEL : Mercury retrograde.

BING : Hindi kasama dun ang mga bagay na hindi naman sira. Kahapon lang gumagana tapos biglang masisira pagdating dito?

KAEL : Malay mo.

BING : Basta hindi pa sira 'yan.

KAEL : Saan mo ba nilagay ang ash tray mo? Kasama ng mga libro? O ng mga tape?

BING : Ewan.

KAEL : Hahanapin ko.

BING : Huwag. Huwag mo munang galawin.

KAEL : Gumamit ka na lang muna ng baso. Kahit ano. Diyan ka sa may bintana.

BING : Ayoko. Ayokong magkalat. (*saglit*) Huwag na lang.

KAEL : Babalik ako bukas, after work. Tutulungan kita mag ayos. Kung ikaw lang dito, Ma, feeling ko magiging magulo ang bahay mo.

BING : Pakiramdam mo ikaw ang "sanity and order" ng buhay ko?

KAEL : Sino pa ba?

*Saglit.*

BING : Paano kung magbago ang isip ko?

KAEL : Ano'ng magbabago?

BING : Tungkol dito sa apartment. Paano kung ayoko na muna?

KAEL : Ma, 'tang-ina ka.

BING : 'Tang-ina mo rin. 'Pag makapagmura 'ka –

KAEL : Tatlong oras tayo inabot kagabi sa paghahakot ng gamit mo 'no. Hello. Nasa fourth floor ka at walang elevator.

BING : Pinagtutulakan mo ba akong paalis?

KAEL : Pati piyano mong sira na yata binuhat nating paakyat.

BING : 'Di buhatin natin pababa.

KAEL : Kung ihulog ko na lang kaya sa bintana?

BING : Paano naman ako magaaral ulit ng music, aber?

KAEL : Para namang kaya mo pa.

BING : Ang galing ko kaya noon.

KAEL : Natatandaan mo pa ba?

BING : Kulang lang ako sa praktis.

KAEL : Twenty years na walang praktis.

BING : Kung kaya ko pa o hindi na, problema ko na 'yun. Alam mo namang gusto ko talaga matutong magpiyano ng mas mahusay e.

KAEL : Sige. Bahala ka. Sincerely, bahala ka. (*Saglit*) Dalawang buwang deposito ang binayaran mo. Saka isang taon ang lease mo.

BING : One month lang ang penalty. Kikitain ko pa 'yun.

KAEL : Fine. Basta hindi mo ko mapagbubuhat ng kahit isang kahon. Magbayad ka ng mga tambay.

BING : 'Tang-ina kang bata ka.

KAEL : ‘Tang-ina ka ring nanay ka.

BING : Ang dumi ng bibig nito. Kaya nahahawa ‘yang kapatid mo. Wala pang bulbol alam na ang puke. Ang dumi dumi ng bibig. ‘Tang-ina ninyong dalawa.

KAEL : May pinagmahan kasi.

BING : Ulol. Noong buhay pa ang lola mo, maski kaya “lintik” hindi ko sinasabi.

KAEL : Bakit nagkaganyan ka?

BING : Sa bibig ba naman ng tatay mo. ‘Tang-ina noon.

KAEL : Pati patay dinadamay mo?

BING : Gago. Hindi pa naman talaga patay ‘yun.

KAEL : Basta patay na ‘yun.

BING : Oo patay na nga. Sino ba nagsabing hindi?

KAEL : Ikaw.

BING : Wala akong sinasabing hindi patay. Basta sabi ko, hindi pa naman totoong patay.

KAEL : Pero patay na nga.

BING : Patay na nga talaga. Patay na. Deads. For all intents and purposes. Lamunin na sana ng impiyerno hanggang sa pinakahuling hibla ng buhok ng dimonyong 'yun 'tang-ina niya. Huwag na nga natin pagusapan.

KAEL : "For all intents and purposes?"

*Matatawang bahagya si Kael.*
*Matatawa rin si Bing.*

*Saglit silang magtatawanan.*
*Titigil.*

BING : Noong isang gabi, nanaginip ako. Umaakyat daw ako sa isang hagdan. Papunta ako rito. Dito, sa apartment. Pero iba ang hitsura ng hagdan. Spiral siya. Nakakaduling kung titingin ka paitaas o paibaba. Malawak, bato, pero spiral ang hugis ng hagdan. Ewan ko ba. Nakasasakit ng tiyan. Hingal na hingal na ako sa paglalakad, pero di ko maabot abot itong fourth floor. Parang ang haba ng hagdan sa pagitan ng fourth saka third floor. Parang hindi natatapos. Hapong hapo na ako. Nakapagtataka. Saka

bawat hakbang ko, may tumutunog. Parang “ting!” Lakad ako ng lakad. Ting ting ting ting ting. Pero bawat hakbang ko parang hinihila ang fourth floor. Inis na inis ako. Hindi ko alam kung bakit hindi ako makarating dito. Noong nainis na ako ng husto sabi ko tatalon na lang ako. Kaya tumalon ako. Pumikit ako tapos tumalon. Ni hindi ako sumigaw. Basta tumalon lang. Akala ko mamamatay na ako. Pero hindi naman ako namatay. Noong kinakapa ko ang paligid, nakahiga na pala ako. Pagdilat ko nandirito na ako. Nakahiga lang pala ako sa sahig. Dito. Nandirito na ako.

Ito ang nakapagtataka. Nakapagtataka talaga ang mga panaginip kung minsan. Kasi doon. Doon sa paghiga ko sa sahig. Noong tumalon ako sa hagdan, malinaw na malinaw sa isip ko, naalala ko ang isang kuwento. Naalala ko siya. Ng walang dahilan. Kuwento ng yaya ko noon na galing Bataan.

May kinukuwento siya palagi sa akin. Sinasabi niya, kapag ikaw daw may bagay na hindi inaamin, nagiging maliliit na hayop na sumusunod sunod sa’yo. Hindi mo sila mapapansin. Ni hindi mo sila makikita. Pero sunod sila ng sunod sa’yo. Ang makakakita lang daw, mga albularyo.

Ewan ko kung bakit pero dahil natandaan ko ang kuwentong ‘yun sabi ko sa sarili ko gusto ko makita ang daan pababa. Sinabi ko talaga sa sarili ko. Nagsalita ako. Gusto ko makita nag daang pababa. Nagising na nga lang ako kaya sayang hindi ko alam kung ganoon din ba ang hitsura ng pababa. Putang-ina.

*Saglit.*

KAEL : Tapatin mo nga ako.

BING : Ano?

KAEL : Suicidal ka na naman?

BING : Tarantado.

KAEL : Biro lang. Pero hindi nga, tapatin mo nga ako?

BING : Ano nga?

KAEL : Nagdadalawang isip ka pa ba talaga?

BING : Nandirito na tayo.

KAEL : Para namang napipilitan ka.

BING : Hindi. Just give me time. Nagsesenti lang ako.

KAEL : Ma. Hindi ka nagsisinungaling ngayon, ano?

BING : Hindi ko alam.

KAEL : Kilalang kilala kaya kita. Hindi ka nagsisinungaling.

BING : Baka nga.

KAEL : So bigla bigla na lang, ayaw mo nang magsarili?

BING : Gusto.

KAEL : Hindi ka rin nagsisinungaling.

BING : Oo.

KAEL : Pero bakit ka nagdadalawang isip?

BING : Hindi ko alam.

KAEL : Ayan nagsisinungaling ka na.

BING : Nakakainis naman 'to. 'Kala mo alam mo'ng bawat sinasabi ko?

KAEL : Nagkakamot ka kaya ng ulo sa tuwing nagsisinungaling.

BING : Hindi ko nga alam. Ayan nagkamot na ako ng ulo.

KAEL : Ma. (*Saglit*) Ano ba talaga ang nasa isip mo?

BING : Ewan ko. Natatakot siguro ako.

KAEL : Sus.

BING : Sus ka diyan.

KAEL : Hindi ka naman natatakot.

BING : Malay mo.

KAEL : Naaalala mo pa ang mantra mo noong bata pa ako?

BING : "Wala tayong dapat ikatakot?"

KAEL : "Wala tayong dapat ikatakot."

BING : “Wala akong dapat ikatakot.”

KAEL : “Wala kang dapat ikatakot.”

BING : “Kaya kong harapin ang lahat.”

KAEL : “Kaya mong harapin ang lahat.”

BING : Oo, kaya kong harapin ang lahat.

*Saglit.*

KAEL : Naalala ko lang bigla. Pero hindi mo naman kailangan ‘yun. Hindi ka talaga natatakot. Hindi ka marunong.

BING : Sa tingin mo?

KAEL : Oo.

BING : Hindi nga. Ganoon ang tingin mo?

KAEL : Oo.

BING : Tarantado ka ring bata ka. Fuck.

KAEL : Ngayon naman naiiyak ka na?

BING : Kasi naman ikaw. Compliment kaya ‘yun para sa isang ina.

KAEL : Ang ano?

BING : Iyong sabihan ng anak na matapang siya.

KAEL : Alam mo na naman ‘yun.

BING : Oo. Pero sweet pa rin.

KAEL : Ows?

BING : Sweet talaga. Promise.

KAEL : Ma. Napalaki mo naman kami ni Penny ng maayos. Kung hindi ka matapang, hindi kami magiging matapang. Hindi ako magiging mahilig sa extreme sports. ‘Di ba noong isang taon, noong nag family reunion tayo sa Subic, takot na takot ang lahat sa zip line. Puwera ako. Sugod agad ako. Habang nagkukuwentuhan kuno sina Tita Mercy at Tito Boy saka sina Roda, ako nagsusuot na ng harness. Ang tapang ko

kasi.  Tsinetsek pa lang noong tao ang pagkakatali ko gusto ko na agad tumalon. Ganoon ako katapang.  Si Penny tignan mo naging matapang din.  Hindi takot sa volleyball.  Sa sobrang tapang naging tomboy na.  'Yun ewan ko kung saan niya nakuha.  Siguro sa akin.  Nagmana sa hilig lumaplap ng puke.

(*Saglit.  Tahimik lang si Bing*)

Ano, natahimik ka?

BING : Paksyet.

KAEL : Bakit?

BING : Sinira mo ang moment ko.

KAEL : Ang seryoso mo kasi masyado.

BING : Nangingilid na ang luha ko.  Alam mo ba 'yun?

KAEL : Oo kaya.

BING : Maganda sa tao ang umiiyak.  Moment ko na sana, Kael.

KAEL : Hindi ka na dapat umiyak, Ma. Wala ka nang iiyakan.

BING : Malay mo tears of happiness?

KAEL : Hindi ganyan ang iyak mo kapag tears of happiness. Bumubulahaw ka. Iskandalosa. Parang namatayan.

BING : Para naman akong baliw kapag i-describe mo.

KAEL : Baliw ka naman talaga. Baliw ang nanay ko, and I'm proud.

BING : Artista ang nanay mo. You should be proud.

KAEL : Artista na puro baliw ang nakukuhang role.

BING : Sa magaling ako maging baliw.

KAEL : Baliw pa rin.

BING : 'Yung kabaliwang 'yan, may I remind you, maski walang pera sa teatro, 'yan ang nagdala ng maraming award sa buhay ko, na nilagay natin sa mga kabinet natin sa bahay. Ang mga award na 'yan ang pinangsasangga natin sa kamay ng tatay mo. 'Yun ang tunay na baliw.

KAEL : Baliw naman talaga ‘yun.

BING : Kaya huwag mong mapintas pintasan ang galing ko maging baliw.

KAEL : Hindi ko naman pinipintasan. Ako man baliw din.

BING : Talaga?

KAEL : Baliw. Oo.

BING : Baliw na swabe o baliw na tulad ng dimonyong tatay mo?

KAEL : Baliw na swabe. Swabeng swabe. Tignan mo kung gaano ako kaswabe. Maski gaano mo iniikot ikot ang usapan natin, hindi ko nalilimutan ang tinatanong ko na iniiwasan mong sagutin. Bakit ka nagdadalawang isip?

*Matatawang bahagya si Bing.*

*Saglit.*

BING : Alam mo, sabihin mo man na nagsisinungaling ako, hindi ko talaga alam. Hindi ko masabi.

KAEL : Mamimiss mo kami?

BING : Isa na ‘yun.

KAEL : Isang text lang naman ako.

BING : Saka hello. Isang jeep lang kaya ang bahay natin.

KAEL : Pero mamimiss mo pa rin ako?

BING : Oo. Kayo.

KAEL : Natatakot kang hindi mo masusubaybayan ang pagdadalaga ni Penny?

BING : Hindi ko naman inaalala ‘yun. Bukas lang, tignan mo, nandirito na ‘yun. Madalas makikitulog ‘yun dito.

KAEL : So anong gumugulo sa isip mo?

BING : Maraming bagay. Ang totoo niyan, mahirap i-define.

KAEL : Try me.

BING : Maybe, ayoko.

KAEL : Bakit naman?

BING : Maybe, ang mga bagay na ito, kailangan kong isiping mag isa.

KAEL : Ah.

BING : Maybe, mamimiss ko lang na may sumasalubong sa akin pagdating ko. Sana pala ang hinanap nating apartment 'yung puwede mag alaga ng aso para madala ko dito si Lea Salonga. Gaanon kasimple lang pala.

KAEL : Maybe ka ng maybe. 'Tang-ina para kang pilosopo.

BING : Ito. Seryoso. Kuwarenta na ako, Kael. Ang laking gago mo na nga. Ang laking gaga na rin ni Penny. Hindi ko sigurado what to expect dito sa paghiwalay ko pa sa inyo. Parang ang laking katangahan. Saan ka nakakakita ng nanay na humihiwalay sa pamilya niya. Dapat kayo ang pinapalayas ko ano. 'Tang-ina sampung taon ko binayaran ang mortgage ng bahay natin ano. Pinadugtungan ko pa ng isang extrang kusina. Alam mo, pinalaki kita sa mga libro para magkaroon ng malawak na pananaw sa mga pattern ng buhay. Siguro naman napansin mo na hindi naman bahagi ng pattern ito. Out of the ordinary. Kaya hindi ko alam kung ano ang iisipin

ko, o kung bakit naiisip ko ang mga bagay na hindi ko naman naiisip dapat dahil nakapagdesisyon na ako –

KAEL : Oo.  Ikaw nga nagdecide nito.  Sobrang excited ka nga sa desisyon mo.  Pero kung gusto mong magbago ng isip, ok lang sa akin.

BING : ‘Yun ang gusto mo ano?

KAEL : Oo.

BING : Tignan mo.  Senti ka rin pala.

KAEL : Hindi naman sa ganoon.  Pero kung ako ang tatanungin, I’m happy with how things are.

BING : Tignan mo lalo mong ginugulo ang isip ko.

KAEL : Paano naman?

BING : Sinasabi mong ok lang sa’yo ang gusto ko, tapos ngayon sasabihin mo iba pala ang gusto mo.

KAEL : Hindi naman mahalaga kung ano ang gusto namin.

BING : Kinokonsensiya mo ako?

KAEL : Sincere ‘yun.

BING : Pero gusto mo akong bumalik sa atin?

KAEL : Oo.

BING : Ano ba talaga?

KAEL : Suportado naman kita maski anong gusto mo gawin, Ma. Alam mo ‘yan.

BING : Alam ko rin ‘yan.

KAEL : Ang gulo mo.

BING : Mas magulo ka. Ginugulo mo ang isip ko.

KAEL : Magulo naman mga isip natin ever since. May toyo tayong dalawa, remember?

BING : May toyo together, should stay together – ganoon ba dapat?

KAEL : Bakit hindi?

BING : Ayoko na.

KAEL : Ayoko na rin.

BING : Ang baliw mo.

KAEL : (*matatawang bahagya*) Bumalik ka na lang sa bahay. May bonus ako sa kinsenas. Ako na bahala sa penalty na isang buwan.

BING : Hindi na ako babalik sa atin. Pinili ko na ito, paninindigan ko na. Marami lang akong iniisip. Ganoon talaga. Kapag gumagawa ka ng bagay na hindi naman karaniwan. Common. Commonly done. Marami ka talagang maiisip. Pero ang mahalaga, panindigan mo ang gusto mo. Ganito talaga ang gusto ko.

*Saglit.*

KAEL : Fresh start?

BING : Parang ganoon. Though hindi naman ako panis. At hindi na rin ito start.

KAEL : Pagpapatuloy lang?

BING : Kuha mo, gago ka.  Kuha mo.  Pagpapatuloy lang.

(*Saglit.  Katahimikan.*)

Ang tahimik natin.  And the drama unfolds?

KAEL : Sira.  Pero kidding aside, Ma, sana maintindihan mo kung ano pa ang gumugulo sa isip mo.

BING : Bakit?

KAEL : Para naman maging masaya ka rito.

BING : Hindi ba puwedeng maging masaya ang nababagabag?

KAEL : Mahirap.  I guess.  At kung magiging lito ka lang, o takot, e di doon ka na nga sa atin ulit.

*Saglit.*

BING : So anong oras ka aalis?

KAEL : Mamayang gabi pa naman ang pasok ko.  Hapon pa ang uwi ni Penny.

BING : Nakaiinis ang batang 'yun.

KAEL : Bakit?

BING : Tinuringan pang babae, ni hindi marunong magsenti.  Hindi ba naman sumama sa paghatid ng mga gamit.

KAEL : Ginabi nga kasi sa praktis.  Pagod.

BING : Sa tingin mo mamimiss niya ako?

KAEL : Bakit naman hindi?

BING : Hindi kasi siya nagsesenti.

KAEL : Nagsesenti 'yun.  Noong una ngang sinabi mo na maghahanap ka ng apartment umiyak kaya siya.

BING : Talaga?

KAEL : Iyak siya ng iyak. Tinatanong kung kasalanan daw ba niya. Sabi ko hindi. Hindi aalis dito si Mama dahil tomboy ka.

BING : Gago.

KAEL : Taga theater 'yun, kako. Maraming kaibigang bading.

BING : 'Tang-ina kang bata ka. Ano talaga'ng sinabi mo?

KAEL : Sinabi ko, kailangan mo ng space. Tutal malalaki na tayo, kako. Maayos na trabaho ko. Matalinong bata ka naman. Puwede na siyang maging absentee mother. Kapag naging absentee mother siya, magiging mas mahusay na nanay siya. Tinanong nga ako kung bakit ko daw nasabi 'yun. Sagot ko na lang, hindi ko alam. Basta kailangan ni Mama ng panahon para sa sarili niya.

BING : Ang lalim naman ng pag unawa mo.

KAEL : Pinabasa mo ako ng maraming libro eh.

BING : Hindi pa pala natin nauunpack maski ang mga libro.

KAEL : Oo nga. Bagong bili pa naman ang mga bookshelf.

*Saglit.*

BING : Mabuti hindi ka naging dysfunctional ano?

KAEL : Dysfunctional naman ako kahit papaano. Sabi nga nila sa opis sobrang sungit ko raw.

BING : 'Tang-ina. Seryoso ako ha. Salamat at hindi ka naging dysfunctional.

KAEL : Dysfunctional tayong lahat, believe me.

BING : Well, at least kung dysfunctional tayong lahat, at dysfunctional ka, normal ka na rin siguro. Normal na rin tayo.

KAEL : Oo, normal tayo.

BING : Kuwentuhan mo ako.

KAEL : Ikaw na lang.

BING : Ano pa bang pagkukuwentuhan natin na di pa natin alam? Magkakasama kaya tayo sa bahay araw araw.

KAEL : Sabi ko nga, adik ako sa mga kuwento mo.

BING : Kung hindi nagkukuwentuhan, nakikinig ng music.

KAEL : Sa tape, ‘tang-ina.

BING : Tayo na nga lang yata ang gumagamit ng tape ngayon.

KAEL : Kwentuhan at mga lumang tape. Tayong tatlo nina Penny sa kuwentuhan, tayong dalawa sa mga lumang tape mo.

BING : Bakit nga ba hindi nahilig sa music ang kapatid mo ano?

KAEL : Hindi niya kayang mahalin ang rock. Mas mahilig siyang sumayaw.

BING : Puwedeng sumayaw sa rock.

KAEL : Pangit.

BING : Oo. Pangit. Headbang. Nakasasakit.

KAEL : Saka bata pa siya masyado noon.

BING : Mabuti na lang din.

KAEL : Tayong dalawa lang ang nakatatanda pa noon.

BING : Wala talaga siyang narerecall?

KAEL : Wala naman.

BING : Mabuti na lang. Kung pati si Penny may toyo sa utak, lamunin na ng impiyerno ang tatay mo. Masunog sana sa lawa ni Satanas hanggang sa pinakahuling buhok niya sa kilikili.

*Magtatawanan ang dalawa.*

*Saglit.*

KAEL : In fairness, Ma, binilang ko pa isa isa ang lahat ng tape mo bago nilagay sa kahon.

BING : Baka naman hindi ko na mahanap ang gusto ko mahanap?

KAEL : Mahihirapan ka talaga maghanap. Nilagay ko sa mga tamang box ang bawat isa.

BING : Alam mo namang maski nagkakamali ako ng lagay, natatandaan ko kung saan ko nilagay.

KAEL : Gusto mo bang guluhin ko ulit? Natatandaan ko pa ang pagkakagulo.

BING : (*matatawang bahagya*) Sus, wag na.

KAEL : Mabuti naman. Hayaaan mo namang subukan kong ayusin ang buhay mo paminsan minsan. Maski sa mga gamit lang.

*Saglit.*

BING : Huwag mong mamaliitin ang mga casette ko. Malaki ang naitulong niyan noong bata ka pa.

KAEL : Para hindi namin marinig ang lahat ng nangyayari sa inyo ng asawa mo?

BING : Oo. ‘Tang-ina kasi ‘yang tatay mo.

KAEL : Well, nakatulong naman siya talaga. Hindi naririnig si Penny.

BING : Natatandaan mo ba nung minsan, noong nabunot ang buhok ko dito sa may taas ng tenga, tapos dugo ng dugo ang sugat, tapos kumakain tayo ng almusal, tapos walang kaalam alam si Penny tungkol sa ginawa ng tatay mo, at nakita niya ang dugo, tapos

sabi niya bakit daw ako may straberry jam sa tenga?   Sabi niya kung pwede daw ilagay sa tinapay?  May natatandaan pa ba siya tungkol doon?

KAEL :    Wala.

BING :    Wala siyang binabanggit?

KAEL :    Sa tingin ko, hindi pa niya naiintindihan noon kung ano ang nangyayari.

BING :    Sana nga ano?

KAEL :    Sa tingin ko talaga.  Huwag mo siyang alalahanin.   Sa bagay na 'yan, tayo lang ang may naaalala pa.

BING :    Maganda.  Lamunin na sana ng impiyerno ang tatay ninyo.

KAEL :    Mabulok na sa kulungan.

BING :    Oo.  Karma na niya 'yun.

KAEL :    Ma.  May sasabihin akong seryoso.  Magkasundo tayo.  Huwag na nating pag usapan kahit kailan ang hayop na lalaking 'yun.

BING : Sige.

*Katahimikan.*

KAEL : The drama unfolds.

BING : The drama stops.

KAEL : Mabuti naman.

BING : Basta ikaw na ang bahala kay Penny, Kael.

KAEL : Ako na. Gawin mo na kung ano ang gusto mo sa buhay mo. Bumalik ka sa pagaartista. Kahit anong gusto mo. Bahala ka na mag-isip.

BING : Ano nga ba ang gusto ko gawin sa buhay ko?

KAEL : Mag aral ka mag piyano.

(*Saglit*)

Kuwentuhan mo naman ako.

BING : Ano pa ba ang masasabi ko na hindi mo pa naririnig?

KAEL : Ewan ko. Basta magkuwento ka lang.

BING : Bakit?

KAEL : Adik ako sa mga kuwento mo. Saka mamaya pa ako aalis.

*Katahimikan.*

BING : Maaga ako nag asawa alam mo 'yon. Nabuntis kasi ako – sa'yo. Hindi tulad mo ngayon. Hindi tulad ni Penny. Binata ka, dalaga siya. Hindi ako nagkaroon ng ganoon. Alam mo kung bakit? Hindi ko rin masabi. Walang kinalaman doon ang kuwento ko. I guess. Kasi natatandaan ko may yaya ako na galing Bataan. Doon siya lumaki. May kinukuwento siya palagi sa akin. Sinasabi niya, kapag ikaw daw may bagay na hindi inaamin, nagiging maliliit na hayop na sumusunod sunod sa'yo.

Hindi mo sila mapapansin. Ni hindi mo sila makikita. Pero sunod sila ng sunod sa'yo. Ang makakakita lang daw, mga albularyo. Hindi mo alam, pero dahil sunod sila ng sunod sa'yo minsan tatamarin ka na maglakad. Kasi hindi lang dalawang paa ang dala mo. Maraming paa. Bawat hakbang mo, hahakbang din sila, at ikaw ang nagdadala ng bigat. Hindi mo nararamdaman pero ikaw ang naglalakad para sa

kanilang lahat, at bago mo pa nga mapansin na may dinadala ka palang bigat ng ibang bagay, mahahapo ka na.  Tatamarin ka na maglakad.   Iisipin mo, madali ka lang mapagod.  Wala kang kuwentang tao.  Madaling mapagod.

Habang lumalaki ka, lumalaki rin ang mga hayop na di mo nakikita.  Sumusunod lamang sila sa'yo.  Ang makakakita daw mga albularyo. Mawawala lamang sila, kung sasabihin mo ang hindi mo sinabi dati.  Kung handa ka nang umamin.   Kung hinarap mo na ang bagay na hindi mo inamin.  Maski huli na ang lahat.  Maski kanino ka umamin.  Gagaan ka.  Gagaan ka hanggang sa kaya mo na ngang lumipad. Para makarating sa mga lugar na kaya mong puntahan.  Malawak at maganda sa lugar na liliparan mo.  Hindi ko sigurado kung ano ang hitsura, at hindi rin sigurado ang yaya ko.  Pero ito ang alam ko.   Kung saan man 'yun, higit pa siya rito.  Higit pa dito, kung ano man ang ibig sabihin ng dito.   (*Saglit.  Mapapangiti*)  Putang-ina.

*Katahimikan.*

*Sa gitna ng kuwento ni Bing ay naglamlam ng bahagya ang ilaw.*

*Wala na si Kael.  Mag-isa na lamang si Bing.*

*Kinagabihan.*

*Nasa kahon pa rin ang karamihan ng mga gamit.*

*Nakabukas na ang piyano.  Nakapatong dito ang ash tray.*

*Nakaupo si Bing sa harap ng piyano.*

*Magsisindi siya ng sigarilyo.*

*Saglit na maninigarilyo.*

*Tableau.*

*Ilalapat niya ang mga kamay sa piyano.*

*Pipindutin ang ilang teklado – para bang nangangapa kung marunong pa siya.*

*Pagkatapos ng unang mga nota ay unti-unti na nating makikilala ang tinutugtog niya – Moonlight Sonata.*

*Unti-unting magdidilim para sa pagwawakas ng dula.*

**WAKAS**